8

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 2
## Heograpiyang Pantao



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikawalong Baitang**
**Alternative Delivery Module**
**Unang Markahan – Modyul 2: Heograpiyang Pantao**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark,* palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Mga Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Mga Manunulat:** | Sheila M. Penza, Jerisse J. Parajes |
| **Mga Editor:** | Filipina F. Meehlieb, Lileth F. Oliverio, Alfe S. Lito, Llilifreda P. Almazan, Benny T. Abala, Analiza G. Doloricon, John M. Anino, Lalaine S. Gomera, Dan Ralph M. Subla |
| **Mga Tagasuri:** | Marino L. Pamogas, Marina B. Sanguenza, Leowenmar Corvera, Edwin C. Salazar, Honorato Mendoza, Joel Plaza |
| **Tagaguhit:** | |
| **Mga Tagapaglapat:** | Joshua A. Frondozo |
| **Mga Nangasiwa:** | Francis Cesar B. Bringas,<br>Isidro M. Biol, Jr.<br>Maripaz F. Magno<br>Josephine Chonie M. Obseñares<br>Karen L. Galanida,<br>Florence E. Almaden,<br>Carlo P. Tantoy<br>Noemi D. Lim<br>Sammy D. Altres |

**Inilimbag sa Pilipinas ng ____________________**

**Kagawaran ng Edukasyon – Caraga Region**

Office Address: Teacher Development Center,
J.P. Rosales Avenue, Butuan City, Philippines 8600
Telefax: (085) 342-8207; (085) 342-5969
E-mail Address: caraga@deped.gov.ph

# 8

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 2

## Heograpiyang Pantao

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Araling Panlipunan 8** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Heograpiyang Pantao!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang 21$^{st}$ *century skills* habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa **Araling Panlipunan 8** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Heograpiyang Pantao!**

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at *icon* na dapat mong maunawaan.

| | | |
|---|---|---|
|  | ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
|  | ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
|  | ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
|  | ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
|  | ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
|  | ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang iyong mga sagot sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto na makikita sa huling bahagi ng modyul. |

| | |
|---|---|
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyo na panibagong gawain upang pagyamanin ang kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng mga pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mga mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ang pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaaring humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino mang kasamahan mo sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, mararanasan mo ang makahulugang pagkatuto at makakukuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

**Pamantayang Pangnilalaman**

Ang mga mag-aaral ay naipamamalas ang pag-unawa sa interaksiyon ng tao sa kaniyang kapaligiran na nagbigay-daan sa pag-usbong ng mga sinaunang kabihasnan na nagkaloob ng mga pamanang humubog sa pamumuhay ng kasalukuyang henerasyon.

**Pamantayan sa Pagganap**

Ang mga mag-aaral ay nakabubuo ng panukalang proyektong nagsusulong sa pangangalaga at preserbasyon ng mga pamana ng mga sinaunang kabihasnan sa daigdig para sa kasalukuyan at sa susunod na henerasyon.



## ***Alamin***

Ang modyul na ito ay sadyang inihanda upang matulungan ka na maunawaan ang ikalawang sangay ng heograpiya – ang heograpiyang pantao na tumutukoy sa pag-aaral ng wika, lahi, relihiyon, at pangkat-etnolingguwistiko sa iba't ibang bahagi ng daigdig.

Ang mga paksa na nakapaloob sa modyul na ito ay sistematikong inayos upang mas madaling maunawaan ang daloy ng iyong pag-aaral.

May mga angkop na gawaing inihanda para sa iyo upang maging makabuluhan ang iyong pag-aaral. Kailangan mong gawin o sagutan ang lahat ng mga gawain sa modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot.

Ang modyul na ito ay nakapokus sa pagtalakay tungkol sa **Heograpiyang Pantao** na nahahati sa sumusunod na paksa:


- **Paksa 1** - Wika
- **Paksa 2** - Relihiyon
- **Paksa 3** - Lahi /Pangkat-Etniko

**Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto:**

- Napahahalagahan ang natatanging kultura ng mga rehiyon, bansa, at mamamayan sa daigdig (lahi, pangkat-etnolingguwistiko, at relihiyon sa daigdig). **(MELC 2)**

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang iyong:

- natatala ang mga mahahalagang taglay ng aspeto sa wika, relihiyon, lahi, at pangkat-etniko sa ibat ibang bahagi ng daigdig;
- nalalahad ang mga saklaw ng heograpiyang pantao sa pamamagitan ng concept map; at
- nahihinuha ang kahalagahan ng wika, relihiyon, lahi, at pangkat-etniko sa ibat ibang bahagi ng daigdig;



## *Subukin*

Unawain at sagutin ang mga tanong. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang pinakamatandang relihiyon sa daigdig at pangunahing paniniwala sa bansang India?
   A. Budismo　　C. Islam
   B. Hinduismo　　D. Shintoismo

2. Anong saklaw ng heograpiyang pantao ang itinuturing na kaluluwa at nagbibigay pagkakakilanlan o identidad ng isang pangkat?
   A. lahi　　C. relihiyon
   B. pangkat etniko　　D. wika

3. Ang mga miyembro ng pangkat-etniko ay pinag-uugnay ng sumusunod maliban sa __________.
   A. klima　　C. relihiyon
   B. pinagmulan　　D. wika

4. Alin sa mga pangunahing pamilya ng wika sa daigdig ang may pinakamaraming gumagamit?
   A. *Afro-Asiatic*　　C. *Indo-European*
   B. *Austronesian*　　D. *Niger-Congo*

5. Anong relihiyon ang may pinakamaraming tagasunod sa buong mundo?
   A. Budismo　　C. Islam
   B. Hinduismo　　D. Kristiyanismo

6. Alin sa sumusunod na konsepto ang tumutukoy sa pangkat ng tao na may iisang kultura o pinagmulan?
   A. etniko　　C. paniniwala
   B. lahi　　D. wika

7. Anong saklaw ng heograpiyang pantao ang tumutukoy sa kalipunan ng mga paniniwala at ritwal ng isang pangkat?
   A. etniko　　C. relihiyon
   B. lahi　　D. wika

8. Anong relihiyon ang sinasamba ng mga Arabe?
   A. Budismo　　C. Islam
   B. Hinduismo　　D. Judaismo

9. Ano ang tinutukoy na pagkakatulad at pagkakaiba ng mga tao sa isang bansa o rehiyon batay sa wika?
   A. etniko
   B. etnisidad
   C. etnolinggwistiko
   D. katutubo

10. Ano ang pangunahing batayan ng pagkilos ng tao sa kaniyang pang-araw-araw na pamumuhay?
   A. etniko
   B. etnisidad
   C. lahi
   D. relihiyon

11. Alin sa mga pangunahing relihiyon sa mundo ang may pinakamaliit na tagasunod?
   A. Budismo
   B. Hinduismo
   C. Islam
   D. Kristiyanismo

12. Ano ang mahalagang papel na ginampanan ng wika sa tao?
   A. ito ay susi ng pagkakaintindihan
   B. sisikat ang tao kung marami ang wika
   C. dapat pag-aralan ng lahat ng tao ang lahat ng wika
   D. yayaman ang tao pag may maraming alam na wika

13. Alin sa sumusunod ang hindi saklaw sa pag-aaral ng heograpiyang pantao?
   A. lahi
   B. relihiyon
   C. teknolohiya
   D. wika

Tingnan ang talahanayan sa ibaba. Sagutin ang sumusunod na tanong.

| Mga Relihiyon | Bahagdan ng mga Naniniwala |
|---|---|
| Kristiyanismo | 31.59% |
| Islam | 23.20% |
| Hinduismo | 15.00% |
| Non-religious | 11.67% |
| Budismo | 7.10% |
| Iba pa | 11.44% |

14. Ano ang iyong mahinuha sa mga datos sa itaas?
   A. Mas maraming naniniwala sa Islam kaysa Kristiyanismo.
   B. Kakaunti lamang ang yumakap sa relihiyong Kristiyanismo.
   C. Nangunguna ang Kristiyanismo sa may pinakamaraming naniniwala.
   D. Halos magkatulad ang dami ng naniniwala sa Hinduismo at Budismo.

15. Batay sa talahanayan, ang *non-religious group* ay binubuo ng ________.
   A. 7.10%
   B. 11.44%
   C. 11.67%
   D. 15.00%

| Aralin 1 | Heograpiyang Pantao |
|---|---|



## *Balikan*

Sa nakaraang paksa ay napag-aralan mo ang pisikal na heograpiya ng daigdig. Paano mo mailalarawan ang daigdig na iyong ginagalawan?

1. ______________________________________________

2. ______________________________________________


3. ______________________________________________



## *Tuklasin*

**Gawain: Concept Map**

Kumpletuhin ang *concept map* na nasa ibaba. Isulat sa sagutang papel ang mga saklaw ng heograpiyang pantao.





# *Suriin*

Saklaw ng heograpiyang pantao o *human geography* ang pag-aaral ng wika, relihiyon, lahi, at pangkat-etniko sa iba't ibang bahagi ng daigdig.

**Wika**

Gaano nga ba kahalaga ang wika? Ang wika ay itinuturing bilang kaluluwa at salamin ng isang kultura. Ito ay nagbibigay pagkakakilanlan sa mga taong kabilang sa isang pangkat. Ang wika ay ipinagkaloob ng Diyos sa atin at ipinamana pa sa mga sinaunang tao sa mundo at ito ang ginagamit natin upang magkaunawaan at magkaintindihan ang bawat tao sa mundo.

Batay sa datos mula sa aklat ng "Kasaysayan ng Daigdig" na sinulat ni Blando et al (2014), tinatayang may 7,105 buhay na wika sa mundo ng mahigit 6,200,000,000 katao. Nakapaloob ang mga wikang ito sa tinatawag na *language family* o mga wikang magkakaugnay at may iisang pinag-ugatan. May 136 language family sa buong daigdig. Ang mga pamilya ng wikang ito ay nagsasanga-sanga sa iba pang wikang ginagamit sa iba't ibang bahagi ng daigdig.

**Mga Katangian ng Wika**

1. Dinamiko – nagbabago ito kasabay ng pagbabago ng panahon at pandaigdigan na pagbabago.

2. May sariling kakanyahan – hindi mahahanap sa ibang wika ang mga katangian ng isang wika.

3. Kaugnay ng wika ang kultura ng isang bansa – ang sining, panitikan, karunungan, kaugalian, kinagawian, at paniniwala ng mga mamamayan ang bumubuo ng kultura. Ang pangkat ng mga taong may angking kultura ay lumilinang ng isang wikang naaangkop sa kanilang mga pangangailangan sa buhay.

**Talahanayan 1: Pangunahing Pamilya ng Wika sa Daigdig**


| Pamilya ng Wika | Buhay na Wika | Bahagdan ng mga Nagsasalita |
|---|---|---|
| Afro-Asiatic | 366 | 5.81 |
| Austronesian | 1221 | 5.55 |
| Indo-European | 436 | 46.77 |
| Niger-Congo | 1524 | 6.91 |
| Sino-Tibetan | 456 | 20.34 |

**Relihiyon**

Ang relihiyon ay nagmula sa salitang *religare* na nangangahulugang "pagsasama sama o pagkakabuklod-buklod." Ito ay kalipunan ng mga paniniwala at ritwal ng isang pangkat ng tao. Bawat relihiyon ay may kaniya-kaniyang kinikilalang Diyos na sinasamba. Kadalasan ang mga paniniwalang nakapaloob sa mga aral at turo ng relihiyon ay naging basehan sa pagkilos ng tao sa kaniyang pamumuhay sa araw-araw.

Kung matatandaan ang ating mga ninuno ay mayroon din sariling paniniwala na naging gabay sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Hindi organisado at sistematiko ang paniniwala nila noon. Ang mga relihiyon sa kasalukuyan ay organisado at may doktrinang sinusunod.

Suriin sa *pie graph* ang mga pangunahing relihiyon sa daigdig at ang bahagdan ng dami ng tagasunod nito.



**Lahi at Pangkat-Etniko**

Ang mga tao sa daigdig ay nahahati sa iba't ibang pangkat. Isa sa mga batayan ay ang pangkat-etniko na kaniyang kinabibilangan.

Ang salitang "etniko" ay nagmula sa salitang Greek na *ethnos* na nangangahulugang "mamamayan." Maliwanag ang pagkakakilanlan ng bawat pangkat-etniko dahil pinagbubuklod ng magkakatulad na kultura, pinagmulan, wika, at relihiyon.

Samantala, ang *race* o lahi ay tumutukoy sa pagkakakilanlan ng isang pangkat. Ayon sa mga eksperto may iba't ibang klasipikasyon ng tao sa daigdig na nagdulot ng kontrobersiya sapagkat maaaring magpakita ng iba't ibang uri ng diskriminasyon.

Tinatawag din na pangkat etnolinggwistiko ang mga pangkat-etniko dahil karamihan sa mga ito ay gumagamit ng iisang wika. Mayroong iba't ibang pangkat etnolongwistiko sa daigdig. Halaw sa datos na sinulat ni (Minahan 2014), ang Han Chinese na may tinatantiyang populasyon na 1.4 bilyon ang pinakamalaking pangkat-etniko sa buong daigdig. Ito ay sinundan ng mga Arabs na may populasyong 450 milyon (Nydell 2005), at ang pangatlo ay ang Bengalis na may populasyon na 230 milyon (Ethnologue 2014).

**Grupong Etnolinggwistiko**

Ang pagkakapareho at pagkakaiba ng mga tao sa isang bansa ayon sa kultura

**Dalawang Batayan ng Paghahating Etnolinggwistiko**


1. **Wika** – sumasalamin sa pangunahing pagkakakilanlan ng isang pangkat
2. **Etnisidad** – ang pagkakapareho ng isang pangkat batay sa wika, tradisyon, paniniwala, kaugalian, lahi at saloobin.

**Mga Pamprosesong Tanong**

1. Ano ang pagkakaiba ng wika at etnisidad bilang dalawang batayan ng paghahating Etnolinggwistiko?

2. Bakit mahalaga ang wika at etnisidad bilang batayan ng paghahating Etnolinggwistiko?

3. Paano mo maipapakita ang pagmamahal sa iyong sariling wika bilang tanda ng iyong pagkakakilanlan?



# *Pagyamanin*

**Gawain:** *Word Hunt*


Hanapin sa loob ng kahon sa kabilang pahina ang mga salitang may kaugnayan sa heograpiyang pantao. Isulat ang iyong mga sagot sa sagutang papel.

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Q | T | M | L | K | W | E | I | X | O | P | B | A | H | I |
| H | P | I | V | S | B | Q | O | J | W | L | X | T | K | A |
| M | A | M | A | M | A | Y | A | N | R | H | Q | A | R | Y |
| I | H | A | L | X | F | B | Z | V | F | M | U | G | I | J |
| C | Z | B | S | Y | L | J | I | J | H | S | P | O | S | A |
| E | T | N | I | K | O | E | W | Q | T | A | X | A | T | U |
| H | U | H | L | W | T | K | I | R | I | J | E | G | I | E |
| D | N | I | O | H | L | B | O | D | T | X | V | F | Y | R |
| U | T | C | N | Y | W | N | U | P | S | L | O | G | A | A |
| O | F | O | X | A | E | X | J | D | C | R | K | B | N | G |
| U | S | Y | Q | S | K | L | A | K | I | W | A | Y | I | I |
| F | I | F | I | C | U | Q | N | E | T | S | B | N | S | L |
| K | S | A | Z | K | X | C | G | P | K | G | M | C | M | E |
| W | N | O | Y | I | H | I | L | E | R | O | S | O | O | R |
| G | L | W | X | D | R | M | B | C | H | W | X | J | L | P |

**Gawain: Pahalagahan Mo!**

Punan ang talahanayan sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| Paano mo pahahalagahan ang iyong… | | |
|---|---|---|
| **Wika** | **Relihiyon** | **Lahi** |
| | | |



# *Isaisip*

Ibigay ang inyong sagot sa sumusunod na mga tanong. Isulat ang mga sagot sa sagutang papel.

1. Paano nakatulong ang relihiyon o paniniwala sa paghubog ng iyong pagkatao?


2. Bakit nagiging instrumento ang heograpiyang pantao sa pagkakaisa ng mga tao sa daigdig?

3. Sa iyong pananaw, nakakatulong ba ang wika sa pagkakaisa at kaunlaran? Ipaliwanag ang iyong sagot.

## *Isagawa*

**Gawain 1: Ang Aking Pinagmulan**

Iguhit ang larawan at punan ito ng mga mahahalagang taglay sa aspeto ng wika, relihiyon, at lahi sa loob ng pigura ng tao. Ibase ang mga susulating taglay sa iyong kapaligirang ginagalawan ayon sa salitang nakapaloob sa hugis. Gawin ito sa sagutang papel.



**Gawain 2: Wika Ko Mahal Ko**

Basahin at unawin ang tanyag na pahayag ni Dr. Jose Rizal tungkol sa pagmamahal sa sariling wika na ipinapakita sa ibaba.

*"Ang hindi marunong magmahal sa sariling wika*
*Ay higit pa sa hayop at malansang isda"*

Mga gabay na tanong:

1. Ano ang ipinahihiwatig na mensahe sa pahayag ni Jose Rizal?

2. Ano ang iyong mahihinuha tungkol sa paglalarawan ni Jose Rizal sa isang tao na hindi marunong magmahal ng sariling wika?

3. Bakit mahalaga ang pagmamahal sa sariling wika?

4. Paano mo maipapakita ang pagmamahal sa sariling wika?

**Gawain 3: Tula**

Sumulat ng isang saknong na tula na nagpapahayag ng pagmamahal sa sariling wika at ilagay ito sa sagutang papel.

______________________________

______________________________

______________________________

**Rubric Para sa Paggawa ng Tula**

| **Pamantayan** | **Mahusay 5 puntos** | **Katamtaman ang Husay 4 puntos** | **Nangangailangan ng pagsasanay 3 puntos** | **Nakuhang Puntos** |
|---|---|---|---|---|
| Pagkabuo | Napakaangkop at wasto ang mga salitang ginamit sa pagkabuo. | Angkop at wasto ang salitang ginamit sa pagkabuo | Kakaunti ang angkop ang salitang ginamit sa pagkabuo | |
| Nilalaman | Buong husay ang pagpapahayag ng mensahe | Mahusay ang pagpapahayag ng mensahe | Di gaanong mahusay ang pagpapahayag ng mensahe | |
| | | | **Kabuuang Puntos** | |



# *Tayahin*

Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang tinutukoy na pagkakatulad at pagkakaiba ng mga tao sa isang bansa o rehiyon batay sa wika?
   A. etniko C. etnolinggwistiko
   B. etnisidad D. katutubo

2. Ano ang pangunahing batayan sa pagkilos ng tao sa kaniyang pang-araw-araw na pamumuhay?
   A. etniko C. lahi
   B. etnisidad D. relihiyon

3. Alin sa sumusunod ang hindi saklaw sa pag-aaral ng heograpiyang pantao?
   A. lahi C. teknolohiya
   B. relihiyon D. wika

4. Ano ang pinakamatandang relihiyon sa daigdig at pangunahing paniniwala sa bansang India?
   A. Budhismo C. Islam
   B. Hinduismo D. Shintoismo

5. Anong saklaw ng heograpiyang pantao ang itinuturing na kaluluwa at nagbibigay pagkakakilanlan o identidad ng isang pangkat?
   A. lahi C. relihiyon
   B. pangkat etniko D. wika

6. Alin sa mga pangunahing pamilya ng wika sa daigdig ang may pinakamaraming gumagamit?
   A. Afro-Asiatic C. Indo-European
   B. Austronesian D. Niger-Congo

7. Tingnan ang talahanayan sa ibaba.

| Mga Relihiyon | Bahagdan ng mga Naniniwala |
|---|---|
| Kristiyanismo | 31.59% |
| Islam | 23.20% |
| Hinduismo | 15.00% |
| Non-religious | 11.67% |
| Budismo | 7.10% |
| Iba pa | 11.44% |

Ano ang iyong mahinuha sa mga datos sa talahayanan?

A. Mas maraming naniniwala sa Islam kaysa Kristiyanismo
B. Kakaunti lamang ang yumakap sa relihiyong Kristiyanismo
C. Nangunguna ang Kristiyanismo sa may pinakamaraming naniniwala
D. Halos magkatulad ang dami ng naniniwala sa Hinduismo at Budismo

8. Batay sa talahanayan, ang non-religious group ay binubuo ng ________.
   A. 7.10%  C. 11.67%
   B. 11.44%  D. 15.00%

9. Anong relihiyon ang may pinakamaraming tagasunod sa buong mundo?
   A. Budismo  C. Islam
   B. Hinduismo  D. Kristiyanismo

10. Alin sa sumusunod na konsepto ang tumutukoy sa pangkat ng tao na may iisang kultura o pinagmulan?
    A. etniko  C. paniniwala
    B. lahi  D. wika

11. Anong saklaw ng heograpiyang pantao ang tumutukoy sa kalipunan ng mga paniniwala at ritwal ng isang pangkat?
    A. etniko  C. relihiyon
    B. lahi  D. wika

12. Ang mga miyembro ng pangkat-etniko ay pinag-uugnay ng sumusunod maliban sa________.
    A. klima  C. relihiyon
    B. pinagmulan  D. wika

13. Anong relihiyon ang sinasamba ng mga Arabo?
    A. Budismo  C. Islam
    B. Hinduismo  D. Judaismo

14. Alin sa mga pangunahing relihiyon sa mundo ang may pinakamaliit na tagasunod?
    A. Budismo  C. Islam
    B. Hinduismo  D. Kristiyanismo

15. Ano ang mahalagang papel na ginampanan ng wika sa tao?
    A. Ito ay susi ng pagkakaintindihan.
    B. Sisikat ang tao kung marami ang wika.
    C. Dapat pag-aralan ng lahat ng tao ang lahat ng wika.
    D. Yayaman ang tao pag may maraming alam na wika.



## *Karagdagang Gawain*

Gumawa ng tatlong saknong na *jingle* na nagsasaad ng pagpapahalaga sa iyong pinagmulan**.**

| **Rubrik sa Pagmamarka ng Jingle** | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Pamantayan | Napakahusay (20 puntos) | Mahusay (15 puntos) | Katamtaman (10 puntos) | Kailangan pang pagbutihin (5 puntos) | Puntos |
| Nilalaman | Ito ay naglalaman ng komprehensibo, tumpak at may kalidad na impormasyon tungkol sa kahalagahan ng heograpiya sa pagbuo at pag-unlad ng isang kabihasnan | Ito ay naglalaman ng tumpak at may kalidad na impormasyon tungkol sa kahalagahan ng heograpiya sa pagbuo at pag-unlad ng isang kabihasnan | Ito ay naglalaman ng tumpak na impormasyon tungkol sa kahalagahan ng heograpiya sa pagbuo at pag-unlad ng isang kabihasnan | Ito ay may kulang na impormasyon tungkol sa kahalagahan ng heograpiya sa pagbuo at pag-unlad ng isang kabihasnan | |
| Mensahe | May malinaw at malawak na mensahe tungkol sa kahalagahan ng heograpiya sa pagbuo at pag-unlad ng isang kabihasnan | May malinaw na mensahe tungkol sa kahalagahan ng heograpiya sa pagbuo at pag-unlad ng isang kabihasnan | Limitado ang mensahe tungkol sa kahalagahan ng heograpiya sa pagbuo at pag-unlad ng isang kabihasnan | Malabo at limitado ang mensahe tungkol sa kahalagahan ng heograpiya sa pagbuo at pag-unlad ng isang kabihasnan | |
| | | | | Kabuuang Puntos | |

# Susi sa Pagwawasto

**Suriin**
**Mga Pamprosesong Tanong**

1. Ano ang pagkakaiba ng wika at etnisidad bilang dalawang batayan ng paghahating Etnolinggwistiko?
   **Sagot:** Ang Wika ay sumasalamin sa pangunahing pagkakakilanlan ng isang pangkat ang Etnisidad ang pagkakapareho ng isang pangkat batay sa wika, tradisyon, paniniwala, kaugalian, lahi at saloobin.

2. Bakit mahalaga ang wika at etnisidad bilang batayan ng paghahating Etnolinggwistiko?
   **Sagot:** Mahalaga ang wika at etnisidad dahil ang wika ay nagbibigay pagkakakilanlan sa mga taong kabilang sa isang pangkat. Ito ang ginagamit natin upang magkaunawaan at magkaintindihan ang bawat tao sa mundo. Ang etnisidad naman ay pinagbubuklod ang isang pangkat batay sa wika, tradisyon, paniniwala, kaugalian, lahi at saloobin.

3. Paano mo maipapakita ang pagmamahal sa iyong sariling wika bilang tanda ng iyong pagkakakilanlan?
   **Sagot:** Maipapakita ko ang pagmamahal sa sariling wika sa pamamagitan ng pagtangkilik o paggamit nito sa aking pang-araw-araw na pakikisalamuha sa kapwa.

Tuklasin




Balikan

1. Ang daigdig ay isa sa walong planetang umiikot sa isang malaking bituin.
2. Ang daigdig ay binubuo ng crust, ang matigas at mabatong parte na ang kapal ay umaabot mula 30-65 kilometro.
3. Ang daigdig ay may apat na hating-globo.

Subukin

1. B
2. D
3. A
4. C
5. D
6. A
7. C
8. C
9. C
10. D
11. A
12. A
13. C
14. B
15. C

| Isagawa | | |
|---|---|---|
| Lahi | Relihiyon | Wika |
| • Pagkakaisa;<br>• Pagka pantay-pantay;<br>• Paggalang sa kapwa. | • Matatag ang pananalig sa panginoon;<br>• Pag-ibig sa kapwa;<br>• Magpahalaga sa mabuting bagay. | • Epektibong maipahayag ang damdamin ng tao;<br>• Mabuting kasangkapan sa pagpapalaganap ng kaalaman;<br>• Ginagamit sa pakikipagtalas tasan at pakikipag-ugnayan. |

Isaisip

1. Nakatulong ang relihiyon o paniniwala sa pamamagitan ng mga aral at turo ng relihiyon na siyang naging basehan sa pagkilos sa araw-araw na pamumuhay.


2. Naging instrumento ang heograpiyang pantao sa pagkakaisa ng mga tao sa daigdig dahil sa pamamagitan ng wika nagkakaintindihan ang mga tao. Maiwasan ang pagkakaroon ng hindi pagkaintindihan kung lubos ang  paniniwala ng mga tao sa relihiyon. Ganoon din sa lahi at pangkat-Etniko dapat pantay-pantay ang pagtingin sa kapwa na may respeto at pagmamahal para sa pagkakaisa.Ang pagkakaroon ng sapat na anyong lupa at tubig ay patunay na ang daigdig ay puwedeng mabuhay ang lahat ng may buhay sa daigdig kagaya ng tao at hayop.

3. Oo, ang wika ay nakatulong sa pagkakaisa at kaunlaran dahil ang wika ay siyang ginagamit upang magkakaroon ng pagkakaunawaan at pagkakaintindihan ang mga tao sa mundo at paraan din ito sa pag-unlad ng bansa.

| Gawain: Pahalagahan Mo! | | |
|---|---|---|
| Lahi | Relihiyon | Wika |
| respetohin<br>pagkakaisa<br>ipagmalaki<br>pantay-pantay | respetohin<br>pagbibigay halaga<br>paniniwala<br>mahalin | mahalin<br>palaganapin<br>tangkilikin<br>pagyamanin |

Pagyamanin

Gawain: Word hunt



**Karagdagang Gawaing: Tatlong Saknong na Jingle**

"Pinagmulan ng Tao, Pinagmulan ng Lahi"

Nina: Jerrise J. Parajes at Elgemary S. Abata

I

Bawat tao sa buong mundo,
May kaniya-kaniyang pinagmulan,
Mula sa hilaga, timog, silangan at kanluran,
Iba-iba ang wika, lahi, kultura at kaugalian,
Pero nagkakaintindihan at may pagtutulungan.

II

Pinagmulan dapat huwag kalimutan,
Isaisip, damhin at pagtibayin,
Walang makahahadlang sa pagbahagi,
Dahil kapuwa tao ay likha ng Panginoon.

III

Halina't ipaalam saan mga sulok,
Ipagmalaki ang kinagisnang lahit at kultura,
Sapagkat ang bawat nilalang ay may,
Kaniya-kaniyang pinagmulan.

**Tayahin**

1. C
2. D
3. C
4. B
5. D
6. C
7. B
8. C
9. D
10. A
11. C
12. A
13. C
14. A
15. A

**Isagawa**

Gawain 3: Tula

Wika

Wikang kinagisnan
Marapat lamang pag-aralan
Pagka't ito'y pamana sa bayan
Ng mga bayaning lumalaban

**Isagawa**

Gawain 2: Wika Ko Mahal Ko

Mga gabay na tanong:

1. Ano ang ipinahihiwatig na mensahe sa pahayag ni Jose Rizal?
   **Sagot:** Ang ipinahihiwatig na mensahe sa pahayag ni Dr. Jose Rizal ay gamitin at tangkilikin ang ating sariling wika kapag may pagkakataon upang masanay ang ating diwa at dila sa pagiging isang Filipino.

2. Ano ang iyong mahihinuha tungkol sa paglalarawan ni Jose Rizal sa isang tao na hindi marunong magmahal ng sariling wika?
   **Sagot:** Ang mahihinuha ko tungkol sa paglalarawan ni Dr. Jose Rizal sa isang tao na hindi marunong magmahal sa sariling wika ay nagsisilbi itong babala para sa mga taong walang magpahalaga sa sariling wika. Ang paglimot sa ating sariling wika ay pagpapakita ng kawalan ng malalim na pagkatao at pagkakakilanlan.

3. Bakit mahalaga ang pagmamahal sa sariling wika?
   **Sagot:** Mahalaga ang pagmamahal sa sariling wika dahil ito ay nagsisilbing kaluluwa ng bansa. Sa pamamagitan ng sariling wika nabubuklod-buklod ang puso't diwa ng mga mamamayan ng isang bansa. Ang isang taong hindi marunong magmahal sa kaniyang sariling wika ay nabubuhay sa isang mundong hindi kaniya at sa kalauunan ang kaniyang kaisipang Filipino ay manlulupaypay at mawawalan ng halaga.

4. Paano mo maipapakita ang pagmamahal sa sariling wika?
   **Sagot:** Maipapakita ko ang pagmamahal sa sariling wika sa pamamagitan ng pagtangkilik o paggamit nito sa aking pang-araw-araw na pakikisalamuha sa kapwa. Ipagmamalaki ko ito lalo na sa mga dayuhan dahil sa pamamagitan nito mas maipapakilala ko ang aking buong pagkatao…ang aking pagka-PILIPINO.

## *Sanggunian*

"Bengali". *Ethnologue*. Retrieved 30 September 2019.Total first-language Bengali users in all countries.

Blando, Rosemarie C., Michael M. Mercado, Mark Alvin M. Cruz, Angelo C. Espiritu, Edna L. De Jesus, Asher H. Pasco, Rowel S. Padernal, Yorina C. Manalo, Kalenna Lorene S. Asis. 2014*. Kasaysayan ng Daigdig: Araling Panlipunan 8 – Modyul ng mag-aaral.* Pasig City, Philippines: Vibal Group Inc. and Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS).

James B. Minahan (2014). *Ethnic Groups of North, East, and Central Asia: An Encyclopedia*. Santa Barbara, California: ABC-CLIO.

Margaret Kleffner Nydell. 2005. *Understanding Arabs: A Guide For Modern Times.* Boston: Intercultural Press.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph